Ang mga regulasyon sa Bahagi B ng IDEA ay nagtakda ng mga hiwalay na pamamaraan para sa mga reklamo sa Estado at para sa mga reklamo at pagdinig sa angkop na proseso. Gaya ng ipinaliwanag sa ibaba, maaaring maghain ang sinumang indibidwal o organisasyon ng reklamo sa Estado na nag-aakusa ng paglabag sa anumang kinakailangan sa Bahagi B ng distrito ng paaralan, ng Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada, o anumang iba pang pampublikong ahensya. Ikaw lamang o ang distrito ng paaralan ang maaaring maghain ng reklamo sa angkop na proseso sa anumang bagay na may kaugnayan sa panukala o pagtangi na simulan o baguhin ang pagkakakilanlan, pagsusuri, o pagkakatagay sa edukasyon ng batang may kapansanan, o ang pagkaloob ng free appropriate public education (FAPE) (libreng naaangkop na pampublikong edukasyon sa bata) sa bata. Habang ang Nevada Department of Education ang dapat maglutat ng reklamo ng Estado sa pangkalahatan sa loob ng timeline ng 60 araw, maliban kung ang timeline ay maayos na pinahaba, ang walang kinikilingan na opisyal ng pagdinig sa pagdinig sa angkop na proseso ay dapat dinggin ang reklamo sa angkop na proseso (kung hindi nalutas sa pamamagitan ng pagpupulong ng resolusyon o ng pamamagitan) at maglabas ng nakasulat na desisyon sa loob ng 45 araw pagkatapos ng panahon ng resolusyon, gaya ng inilarawan sa dokumentong ito sa ilalim ng pamagat na **PROSESO NG RESOLUSYON**, maliban kung ang opisyal ng pagdinig ay magbibigay ng tiyak na palugit sa timelime sa iyong kahilingan o sa kahilingan ng distrito ng paaralan. Ang reklamo ng Estado at reklamo sa angkop na proseso, resolusyon, at mga pamamaraan ng pagdinig ay inilarawan nang mas ganap sa ibaba.

PAGTANGGAP NG MGA PAMAMARAAN SA REKLAMO NG ESTADO

Pangkalahatan

Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada ay dapat may nakasulat na mga pamamaraan para sa:

1. Paglutat ng anumang reklamo, kabilang ang reklamong inihain ng organisasyon o indibidwal mula sa ibang Estado;
2. Ang paghahain ng reklamo sa Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada; **at**
3. Malawakang pagpapakalat ng mga pamamaraan ng reklamo ng Estado sa mga magulang at iba pang interesadong indibidwal, kabilang ang mga sentro ng pagsasanay at impormasyon ng magulang, mga ahensya ng proteksyon at adbokasiya, mga independiyenteng sentro ng pamumuhay, at iba pang naaangkop na mga entidad.

Mga remedyo sa pagtangi sa mga naaangkop na serbisyo

Sa paglulutas sa reklamo ng Estado kung saan natagpuan ng Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada ang pagkabigo na

magbigay ng naaangkop na mga serbisyo, dapat tugunan ng Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada:

1. Ang kabiguan na magbigay ng mga naaangkop na serbisyo, kabilang ang naaangkop na pagwawasto upang matugunan ang mga pangangailangan ng bata; **at**
2. Ang angkop na probisyon ng mga serbisyo sa hinaharap para sa lahat ng batang may kapansanan.

PINAKAMABABANG MGA PAMAMARAAN SA REKLAMO NG ESTADO

Limitasyon sa panahon; pinakamababang pamamaraan

Dapat isama ng Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada sa mga pamamaraan sa reklamo ng Estado nito ang limitasyon sa panahon na 60 araw pagkatapos maihain ang reklamo sa:

1. Pagsagawa ng independiyenteng pagsisiyasat sa lugar, kung matukoy ng Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada na kailangan ang pagsisiyasat;
2. Bigyan ang nagrereklamo ng pagkakataon na magsumite ng karagdagang impormasyon, pasalita man o nakasulat, tungkol sa mga paratang sa reklamo;
3. Bigyan ang distrito ng paaralan ng pagkakataong tumugon sa reklamo, kabilang ang, sa pinakamababa: (a) sa pagpipilian ng distrito ng paaralan, panukala upang malutas ang reklamo; **at** (b) pagkakataon para sa isang magulang na magsampa ng reklamo at ang distrito ng paaralan na kusang sumang-ayon na makisali sa pamamagitan;
4. Suriin ang lahat ng nauugnay na impormasyon at gumawa ng independiyenteng pagpapasiya kung ang distrito ng paaralan ay lumalabag sa kinakailangan ng Bahagi B ng IDEA; **at**
5. Magbigay ng nakasulat na desisyon sa nagrereklamo na tumutugon sa bawat paratang sa reklamo at naglalaman ng: (a) mga natuklasan na katotohanan at mga konklusyon; **at** (b) ang mga dahilan para sa huling desisyon ng Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada.

Palugit na panahon; huling desisyon; pagpapatupad

Ang mga pamamaraan ng Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada na inilarawan sa itaas ay dapat ding:

1. Pahintulutan ang palugit ng 60-araw na limitasyon sa panahon kung: (a) umiiral ang mga pambihirang pangyayari kaugnay sa partikular na reklamo ng Estado; **o** (b) kusang sumang-ayon ang kasangkot na magulang at ang distrito ng paaralan o iba pang pampublikong ahensiya pahabain ang panahon upang malutas ang usapin sa pamamagitan o alternatibong paraan ng resolusyon ng hindi pagkakaunawaan.
2. Isama ang mga pamamaraan para sa epektibong pagpapatupad ng huling desisyon ng Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada, kung kinakailangan, kabilang ang: (a) mga aktibidad sa katuwang na teknikal; (b) mga negosasyon; **at** (c) mga aksyon sa pagwawasto upang makamit ang pagsunod.

Mga reklamo ng estado at mga pagdinig sa angkop na proseso

Kung ang natanggap na nakasulat na reklamo ng Estado ay paksa din ng pagdinig sa angkop na proseso gaya ng inilarawan sa ibaba sa ilalim ng pamagat na **PAGSASAMPA NG REKLAMO SA ANGKOP NA PROSESO**, o ang reklamo ng Estado ay naglalaman ng maraming isyu kung saan ang isa o higit pa ay bahagi ng kagayang pagdinig, dapat isantabi ng Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada ang reklamo ng Estado, o anumang bahagi ng reklamo ng Estado na natugunan sa pagdinig sa angkop na proseso hanggang sa matapos ang pagdinig. Ang anumang isyu sa reklamo ng Estado na hindi bahagi ng pagdinig sa angkop na proseso ay dapat lutasin gamit ang limitasyon sa panahon at mga pamamaraang inilarawan sa itaas. Kung ang isyu na iniharap sa reklamo ng Estado ay napagdesisyonan dati sa pagdinig sa angkop na proseso na kinasasangkutan ng parehong mga partido (ikaw at ang distrito ng paaralan), kung gayon ang desisyon sa pagdinig sa angkop na proseso ay may bisa sa isyung iyon at ang Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada ay dapat ipaalam sa nagrereklamo na ang desisyon ay may bisa. Ang reklamo na nagpapatupad sa kabiguan ng distrito ng paaralan na ipatupad ang desisyon sa pagdinig sa angkop na proseso ay dapat lutasin ng Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada.

Pagsampa ng Reklamo

Ang organisasyon o indibidwal ay maaaring maghain ng nilagdaang nakasulat na reklamo ng Estado sa ilalim ng mga pamamaraang inilarawan sa itaas. Dapat kasama sa reklamo ng estado ang:

1. Pahayag na ang distrito ng paaralan ay lumabag sa kinakailangan ng Bahagi B ng IDEA o mga regulasyon nito;
2. Ang mga katotohanan kung saan nakabatay ang pahayag;
3. Ang lagda at impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa nagrereklamo; at
4. Kung nagpapatang ng mga paglabag tungkol sa partikular na bata:
 - (a) Ang pangalan ng bata at lugar ng tirahan ng bata;
 - (b) Ang pangalan ng paaralang pinapasukan ng bata;
 - (c) Sa kaso ng bata o kabataan na walang tirahan, makikita ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa bata, at ang pangalan ng paaralang pinapasukan ng bata;
 - (d) Paglalarawan ng likas na problema ng bata, kabilang ang mga katotohanang nauugnay sa problema; **at**
 - (e) Iminungkahing resolusyon ng problema sa lawak nang nalalaman at magagamit ng partidong naghahain ng reklamo sa oras na inihain ang reklamo.

Ang reklamo ay dapat magpahayag ng paglabag na naganap hindi hihigit sa isang taon bago ang petsa na natanggap ang reklamo tulad ng inilarawan sa ilalim ng pamagat na **PAGTANGGAP SA PAMAMARAAN NG REKLAMO NG ESTADO**. Ang partidong naghahain ng reklamo ng Estado ay dapat magpasa ng kopya ng reklamo sa distrito ng paaralan na naglilingkod sa bata kasabay ng paghahain ng partido ng reklamo sa Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada.

PAMAMAGITAN

Pangkalahatan

Dapat mayroong pamamagitan sa distrito ng paaralan upang payagan ka at ang distrito ng paaralan na lutasin ang mga hindi pagkakasundo na kinasasangkutan ng anumang problema sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA, kabilang ang mga usapin na lumalabas bago ang paghahain ng reklamo sa angkop na proseso. Sa gayon, ang pamamagitan ay magagamit upang malutas ang mga hindi pagkakaunawaan sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA, naghain ka man o hindi ng reklamo sa angkop na proseso upang humiling ng pagdinig sa angkop na proseso gaya ng inilarawan sa ilalim ng pamagat na **PAGSASAMPA NG REKLAMO SA ANGKOP NA PROSESO**

Mga Kinakailangan

Dapat tiyakin sa mga pamamaraan na ang proseso ng pamamagitan:

1. Ay boluntaryo sa iyo at sa distrito ng paaralan;
2. Ay hindi ginagamit upang tanggihan o maantala ang iyong karapatan sa pagdinig sa angkop na proseso, o upang tanggihan ang anumang iba pang mga karapatan na mayroon ka sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA; **at**
3. Ay sinasagawa ng kwalipikado at walang kinikilingan na tagapamagitan na sinanay sa epektibong pamamaraan ng pamamagitan.

Ang distrito ng paaralan ay maaaring bumuo ng mga pamamaraan na nag-aalok sa mga magulang at paaralan na piliing huwag gamitin ang proseso ng pamamagitan, pagkakataon na matugunan, sa oras at lokasyon na maginhawa para sa iyo, sa walang interes na partido:

1. Kung sino ang nasa ilalim ng kontrata sa naaangkop na alternatibong entidad sa resolusyon ng hindi pagkakaunawaan, o sentro ng pagsasanay at impormasyon ng magulang, o sentro ng mapagkukunan ng magulang ng komunidad sa Estado; **at**
2. Kung sino ang magpapaliwanag ng mga benepisyo at hihikayat sa paggamit ng proseso ng pamamagitan sa iyo.

Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada ay dapat magkaroon ng listahan ng mga taong kuwalipikadong tagapamagitan at alam ang mga batas at regulasyon na may kaugnayan sa pagbibigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo. Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada ay dapat pumili ng mga tagapamagitan na walang pinipili, pagpapalitan, o iba pang walang kinikilingan na batayan. Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada ang may pananagutan sa gastos sa proseso ng pamamagitan, kabilang ang mga gastos sa mga pagpupulong. Ang bawat pagpupulong sa proseso ng pamamagitan ay dapat na nakaiskedyul sa napapanahong paraan at gaganapin sa lugar na maginhawa para sa iyo at sa distrito ng paaralan. Kung nalutas mo at ang distrito ng paaralan ang hindi pagkakaunawaan sa pamamagitan ng proseso ng pamamagitan, ang

parehong partido ay dapat pumasok sa legal na may bisang kasunduan na nagtatakda ng resolusyon na:

1. Nakasaad na ang lahat ng mga talakayan na nangyari sa panahon ng proseso ng pamamagitan ay mananatiling kumpidensyal at hindi maaaring gamitin bilang ebidensya sa anumang kasunod na pagdinig sa angkop na proseso o paglilitis ng sibil; **at**
2. Pinirmahan mo at ng isang may awtoridad na kinatawan ng distrito ng paaralan na isailalim ang distrito ng paaralan.

Ang nakasulat, nilagdaang kasunduan sa pamamagitan ay maipapatupad sa alinmang hukuman ng Estado na may karampatang hurisdiksiyon (isang may awtoridad na hukuman sa ilalim ng batas ng Estado na pakinggan ang ganitong uri ng kaso) o sa hukuman ng distrito ng Estados Unidos. Dapat na kumpidensyal ang mga talakayang nangyari sa panahon ng proseso ng pamamagitan. Ang mga ito ay hindi maaaring gamitin bilang ebidensya sa anumang hinaharap na pagdinig sa angkop na proseso o sibil na paglilitis ng alinmang Hukumang pederal o Hukuman ng estado sa Nevada.

Walang kinikilingan na tagapamagitan

Ang tagapamagitan:

1. Hindi maaaring empleyado ng Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada o ng distrito ng paaralan na kabilang sa edukasyon o pangangalaga ng iyong anak; **at**
2. Hindi dapat magkaroon ng personal o propesyonal na interes na sumasalungat sa pagiging walang pinapanigan ng tagapamagitan.

Isang tao na kung hindi man ay kwalipikado bilang tagapamagitan ay hindi empleyado ng distrito ng paaralan o ng Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada dahil lamang siya ay binabayaran ng Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada o distrito ng paaralan upang magsilbi bilang tagapamagitan.

MGA PAMAMARAAN SA REKLAMO NG ANGKOP NA PROSESO

PAGSAMPA NG REKLAMO SA ANGKOP NA PROSESO

Pangkalahatan

Ikaw lamang o ang distrito ng paaralan ang maaaring maghain ng reklamo sa angkop na proseso sa anumang problema na may kaugnayan sa panukala o pagtanggì na simulan o baguhin ang pagkakakilanlan, pagsusuri, o pagkakalagay sa edukasyon ng iyong anak, o ang pagkakaloob ng free appropriate public education (FAPE) (libreng naaangkop na pampublikong edukasyon sa bata) sa iyong anak. Ang reklamo sa angkop na proseso ay dapat magpahayag ng paglabag na nangyari hindi hihigit sa dalawang taon bago mo o ang distrito ng paaralan na nalaman o dapat na malaman ang tungkol sa di-umano'y aksyon na bumubuo ng batayan ng reklamo sa angkop na proseso. Ang timeline sa itaas ay hindi nalalapat sa iyo kung hindi ka makapaghain ng reklamo sa angkop na proseso sa loob ng timeline dahil:

1. Partikular na mali ang pagkaalam ng distrito ng paaralan na nalutas nito ang mga isyung tinukoy sa reklamo; **o**
2. Itinago ng distrito ng paaralan ang impormasyon na kinakailangang maibigay sa iyo sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA.

Impormasyon para sa mga magulang

Dapat ipaalam sa iyo ng distrito ng paaralan ang anumang libre o murang legal at iba pang nauugnay na serbisyong makukuha sa lugar kung hihilingin mo ang impormasyon, o kung ikaw o ang distrito ng paaralan ay maghain ng reklamo sa angkop na proseso.

REKLAMO SA ANGKOP NA PROSESO

Pangkalahatan

Upang humiling ng pagdinig, ikaw o ang distrito ng paaralan (o ang iyong abogado o ang abogado ng distrito ng paaralan) ay dapat magsumite sa kabilang partido ng reklamo sa angkop na proseso. Ang reklamo ay dapat maglaman ng lahat ng nakalista sa ibaba at dapat panatilihiing kumpidensyal. Ikaw o ang distrito ng paaralan, sinoman ang nagsampa ng reklamo, ay dapat ding magbigay ng kopya ng reklamo sa Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada.

Nilalaman ng reklamo

Dapat kasama sa reklamo sa angkop na proseso ang:

1. Ang pangalan ng bata;
2. Ang lugar ng tirahan ng bata;
3. Ang pangalan ng paaralan ng bata;
4. Kung ang bata o kabataan ay walang tirahan, ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng bata at ang pangalan ng paaralan ng bata;
5. Paglalarawan ng likas na problema ng bata na may kaugnayan sa iminungkahi o tinanggihang aksyon, kabilang ang mga katotohanang nauugnay sa problema; **at**
6. Isang iminungkahing resolusyon ng problema sa lawak nang kaalaman at magagamit mo o ng distrito ng paaralan sa panahong iyon.

Kinakailangan ang paunawa bago ang pagdinig sa reklamo sa angkop na proseso

Ikaw o ang distrito ng paaralan ay maaaring walang pagdinig sa angkop na proseso hanggang sa ikaw o ang distrito ng paaralan (o ang iyong abogado o ang abogado ng distrito ng paaralan), ay maghahain ng reklamo sa angkop na proseso na kinabibilangan ng impormasyong nakalista sa itaas.

Sapat na reklamo

Upang magpatuloy ang reklamo sa angkop na proseso, dapat itong ituring na sapat. Ang reklamo sa angkop na proseso ay ituturing na sapat (upang matugunan ang mga kinakailangan ng nilalaman sa itaas) maliban kung ang partido na tumatanggap ng reklamo sa angkop na proseso (ikaw o ang distrito ng paaralan) ay aabisuhan nang nakasulat ang opisyal ng pagdinig at ang kabilang partido, sa loob ng 15 araw ng pagtanggap ng reklamo, na naniniwala ang tumatanggap na partido na ang reklamo sa angkop na proseso ay hindi nakakatugon sa mga kinakailangan na nakalista sa itaas. Sa loob ng limang araw pagkatapos matanggap ang abiso na ang tumatanggap na partido (ikaw o ang distrito ng paaralan) ay isinasaalang-alang ang reklamo sa angkop na proseso na hindi sapat, ang opisyal ng pagdinig ay dapat magpasya kung ang reklamo sa angkop na proseso ay nakakatugon sa mga kinakailangan na nakalista sa itaas, at abisuhan ka at ang distrito ng paaralan sa pamamagitan ng kaagad na pagsulat.

Pagbabago ng reklamo

Ikaw o ang distrito ng paaralan ay maaari lamang gumawa ng mga pagbabago sa reklamo kung:

1. Inaprubahan ng kabilang partido ang nakasulat na mga pagbabago at binibigyan ng pagkakataong lutasin ang reklamo sa angkop na proseso sa pamamagitan ng pagpupulong ng resolusyon, na inilarawan sa ibaba; **o**
2. Hindi lalampas sa limang araw bago magsimula ang pagdinig sa angkop na proseso, ang opisyal ng pagdinig ay magbibigay ng pahintulot para sa mga pagbabago.

Kung ang nagrereklamong partido (ikaw o ang distrito ng paaralan) ay gumawa ng mga pagbabago sa reklamo ng angkop na proseso, ang mga timeline para sa pagpupulong ng resolusyon (sa loob ng 15 araw pagkatapos matanggap ang reklamo) at ang tagal ng panahon para sa resolusyon (sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap ang reklamo) magsimulang muli sa petsa kung kailan inihain ang binagong reklamo.

Tugon ng distrito ng paaralan sa reklamo sa angkop na proseso

Kung ang distrito ng paaralan ay hindi nagpadala ng paunang nakasulat na paunawa sa iyo, tulad ng inilarawan sa ilalim ng pamagat na **PAUNANG NAKASULAT NA PAUNAWA**, tungkol sa paksang nakapaloob sa iyong reklamo sa angkop na proseso, ang distrito ng paaralan ay dapat, sa loob ng 10 araw ng pagtanggap ng reklamo sa angkop na proseso, magpapadala sa iyo ng tugon na kinabibilangan ng:

1. Paliwanag kung bakit iminungkahi o tumanggi ang distrito ng paaralan na gawin ang aksyon na isinampa na reklamo sa angkop na proseso;
2. Isang paglalarawan ng iba pang mga pagpipilian na isinasaalang-alang ng komite ng individualized educational program (IEP) (pang-indibidwal na programang pang-edukasyon) ng iyong anak at ang mga dahilan kung bakit

tinanggihan ang mga pagpipiliang iyon;

3. Isang paglalarawan ng bawat pamamaraan ng pagsusuri, pagtatasa, rekord, o ulat ng distrito ng paaralan na ginamit bilang batayan para sa iminungkahi o tinanggihang aksyon; **at**
4. Isang paglalarawan ng iba pang mga salik na may kaugnayan sa iminungkahi o tinanggihang aksyon ng distrito ng paaralan.

Ang pagbibigay ng impormasyon sa mga bagay nasa 1-4 sa itaas ay hindi pumipigil sa distrito ng paaralang igiit na hindi sapat ang iyong reklamo sa angkop na proseso.

Tugon ng ibang partido sa reklamo sa angkop na proseso

Maliban sa nakasaad sa ilalim ng pangalawang pamagat sa itaas, **Tugon ng distrito ng paaralan ng reklamo sa angkop na proseso ng**, ang partido na tumatanggap ng reklamo sa angkop na proseso ay dapat, sa loob ng 10 araw pagkatapos matanggap ang reklamo, magpadala ng tugon sa kabilang partido na partikular na tumutugon sa mga isyu sa reklamo.

MGA MODELONG PORM

Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada ay dapat bumuo ng mga modelong porm upang matulungan kang maghain ng reklamo sa angkop na proseso at reklamo ng Estado. Gayunpaman, maaaring hindi hilingin sa iyo ng Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada o ng distrito ng paaralan na gamitin ang mga modelong porm na ito. Sa katunayan, maaari mong gamitin ang porm na ito o isa pang naaangkop na modelong porm, hangga't naglalaman ito ng kinakailangang impormasyon para sa paghahain ng reklamo sa angkop na proseso o reklamo ng Estado.

Proseso ng Resolusyon

Pagpupulong ng Resolusyon

Sa loob ng 15 araw pagkatapos matanggap ang paunawa ng iyong reklamo sa angkop na proseso, at bago magsimula ang pagdinig sa angkop na proseso, ang distrito ng paaralan ay dapat magpatawag ng pulong sa iyo at sa kaugnay na miyembro o mga miyembro ng komite ng individualized educational program (IEP) (pang-indibidwal na programang pang-edukasyon) na may partikular na kaalaman sa ang mga katotohanang natukoy sa iyong reklamo sa angkop na proseso. Ang pagpupulong:

1. Dapat isama ang isang may awtoridad na kinatawan ng distrito ng paaralan sa paggawa ng desisyon sa ngalan ng distrito ng paaralan; **at**
2. Maaaring hindi isama ang abogado ng distrito ng paaralan maliban kung may kasama kang abogado.

Ikaw at ang distrito ng paaralan ang magpapasya sa mga kaugnay na miyembro ng komite ng IEP na dadalo sa pulong.

Ang layunin ng pagpupulong ay para sa iyo, upang talakayin ang iyong reklamo sa angkop na proseso, at ang mga katotohanan na bumubuo sa batayan ng reklamo, upang ang distrito ng paaralan ay magkaroon ng pagkakataon na lutasin ang hindi pagkakaunawaan.

Ang pagpupulong ng resolusyon ay hindi kinakailangan kung:

1. Ikaw at ang distrito ng paaralan ay sumasang-ayon sa sulat na iurong ang pulong; **o**
2. Ikaw at ang distrito ng paaralan ay sumasang-ayon na gamitin ang proseso ng pamamagitan, gaya ng inilarawan sa ilalim ng pamagat na **PAMAMAGITAN**.

Panahon ng resolusyon

Kung hindi nalutas ng distrito ng paaralan ang reklamo sa angkop na proseso sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap ang reklamo sa angkop na proseso (sa panahon ng proseso ng resolusyon), maaaring mangyari ang pagdinig sa angkop na proseso. Ang 45-araw na timeline panahon para sa pagbibigay ng huling desisyon ay magsisimula na mawalan ng bisa ng 30-araw sa panahon ng resolusyon, na may ilang partikular na hindi kabilang sa mga pagsasaayos na ginawa sa 30-araw na panahon ng resolusyon, gaya ng inilarawan sa ibaba. Maliban kung ikaw at ang distrito ng paaralan ay parehong sumang-ayon na iurong ang proseso ng resolusyon o gamitin ang pamamagitan, ang iyong kabiguan na lumahok sa pagpupulong ng

resolusyon ay makaka-antala sa mga timeline para sa pagproseso ng resolusyon at pagdinig sa angkop sa proseso hanggang sa sumang-ayon kang lumahok sa pulong. Kung pagkatapos gumawa ng mga makatwirang pagsisikap at idokumento ang mga naturang pagsisikap, hindi makuha ng distrito ng paaralan ang iyong pakikilahok sa pagpupulong ng resolusyon, ang distrito ng paaralan ay maaaring, sa pagtatapos ng 30-araw na panahon ng resolusyon, ay hihiling na tanggalin ng opisyal ng pagdinig ang iyong reklamo sa angkop na proseso. Ang dokumentasyon ng naturang mga pagsisikap ay dapat kabilang ang rekord ng mga pagtatangka ng distrito ng paaralan na ayusin ang pinagkasunduang oras at lugar, tulad ng:

1. Detalyadong mga rekord ng ginawa o tinangka na mga tawag sa telepono at ang mga resulta ng mga tawag na iyon;
2. Mga ipinadalang kopya ng sulat na sa iyo at anumang mga tugon na natanggap; **at**
3. Mga detalyadong rekord ng mga pagbisita na ginawa sa iyong tahanan o lugar ng trabaho at ang mga resulta ng mga pagbisitang iyon.

Kung nabigo ang distrito ng paaralan na isagawa ang pagpupulong ng resolusyon sa loob ng 15 araw pagkatapos matanggap ang paunawa ng iyong reklamo sa angkop na proseso o nabigong lumahok sa pulong ng resolusyon, maaari mong hilingin sa opisyal ng pagdinig na mag-atas na magsimula ang 45-araw na timeline ng pagdinig sa angkop na proseso.

Mga pagsasaayos sa 30-araw na panahon ng resolusyon

Kung ikaw at ang distrito ng paaralan ay sumang-ayon sa pamamagitan ng sulat na iurong ang pagpupulong ng resolusyon, magsisimula sa susunod na araw ang 45-araw na timeline sa pagdinig sa angkop na proseso. Pagkatapos ng pagsisimula ng pamamagitan o pagpupulong ng resolusyon at bago matapos ang 30-araw na panahon ng resolusyon, kung ikaw at ang distrito ng paaralan ay sumang-ayon sa sulat na walang kasunduan ang posible, ang 45-araw na timeline ng pagdinig sa angkop na proseso ay sisimulang dinggin sa susunod na araw. Kung ikaw at ang distrito ng paaralan ay sumang-ayon na gamitin ang proseso ng pamamagitan, sa pagtatapos ng 30-araw na panahon ng resolusyon, maaaring magkasundo ang magkabilang panig sa pamamagitan ng sulat na ipagpatuloy ang pamamagitan hanggang sa maabot ang kasunduan. Gayunpaman, kung ikaw o ang distrito ng paaralan ay aalis sa proseso ng pamamagitan, magsisimula sa susunod na araw ang 45-araw na timeline para sa pagdinig sa angkop na proseso.

Nakasulat na kasunduan sa pag-areglo

Kung ang resolusyon sa hindi pagkakaunawaan ay naabot sa pulong ng resolusyon, ikaw at ang distrito ng paaralan ay dapat pumasok sa may bisang legal na kasunduan na:

1. Nilagdaan mo at ng isang kinatawan ng distrito ng paaralan na may awtoridad na sumailalim sa distrito ng paaralan; **at**
2. Maipapatupad sa alinmang hukuman ng Estado na may karampatang hurisdiksyon (isang hukuman ng Estado na may awtoridad na dinggin ang ganitong uri ng kaso) o sa hukuman ng distrito ng United States.

Panahon ng pagsusuri ng kasunduan

Kung ikaw at ang distrito ng paaralan ay pumasok sa isang kasunduan bilang resulta ng pagpupulong ng resolusyon, alinmang partido (ikaw o ang distrito ng paaralan) ay maaaring magpawalang-bisa sa kasunduan sa loob ng tatlong araw ng negosyo sa oras na pareho kayong pumirma sa kasunduan ng distrito ng paaralan.

MGA PAGDINIG SA REKLAMO NG ANGKOP NA PROSESO

WALANG KINIKILINGAN NA PAGDINIG SA ANGKOP NA PROSESO

Pangkalahatan

Sa twing magsasampa ng reklamo sa angkop na proseso, ikaw o ang distrito ng paaralan na kasangkot sa hindi pagkakaunawaan ay dapat magkaroon ng pagkakataon sa walang kinikilingan na pagdinig sa angkop na proseso na ipinatawag ng distrito ng paaralan, gaya ng inilarawan sa **REKLAMO SA ANGKOP NA PROSESO** at **PROSESO NG RESOLUSYON** mga seksyon sa itaas.

Walang kinikilingan na opisyal ng pagdinig

Sa pinakamababa, ang opisyal ng pagdinig ay:

1. Hindi dapat empleyado ng Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada o ng distrito ng paaralan na kasangkot sa edukasyon o pangangalaga ng bata. Gayunpaman, ang isa ay hindi empleyado ng Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada dahil lamang siya ay binabayaran ng Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada upang magsilbi bilang opisyal ng pagdinig;
2. Hindi dapat magkaroon ng personal o propesyonal na interes na sumasalungat sa pagiging kawalang-kinikilingan ng opisyal ng pagdinig sa panahon ng pagdinig;
3. Dapat na may kaalaman at nauunawaan ang mga probisyon ng IDEA, at mga regulasyon ng Pederal at Estado na nauukol sa IDEA, at mga legal na interpretasyon ng IDEA ng mga korte ng Pederal at Estado; **at**
4. Dapat magkaroon ng kaalaman at kakayahang magsagawa ng mga pagdinig, at gumawa at magsulat ng mga desisyon, na naaayon sa naaangkop, karaniwang legal na kasanayan.

Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada ay nagtatago ng listahan ng mga taong nagsisilbing opisyal ng pagdinig na may kasamang pahayag ng mga kwalipikasyon ng bawat opisyal ng pagdinig.

Paksa ng pagdinig sa angkop na proseso

Ang partido (ikaw o ang distrito ng paaralan) na humihiling ng pagdinig sa angkop na proseso ay maaaring hindi maglabas ng mga isyu sa pagdinig sa angkop na proseso na hindi natugunan ang reklamo sa angkop na proseso, maliban kung ang kabilang partido ay sumang-ayon.

Timeline sa paghiling ng pagdinig

Ikaw o ang distrito ng paaralan ay dapat humiling ng walang kinikilingan na pagdinig ng reklamo sa angkop na proseso sa loob ng dalawang taon ng petsa na alam mo o ang distrito ng paaralan ang tungkol sa isyung tinutugunan sa reklamo.

Mga hindi kabilang sa timeline

Ang timeline sa itaas ay hindi nalalapat sa iyo kung hindi ka nakapaghain ng reklamo sa angkop na proseso sa takdang panahon dahil:

1. Partikular na nagkamali ang distrito ng paaralan na nalutas nito ang problema o isyu na iyong isinampa na reklamo; **o**
2. Itinago ng distrito ng paaralan ang kinakailangang ibigay sa iyo na impormasyon sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA.

MGA KARAPATAN SA PAGDINIG

Pangkalahatan

Sinumang partido sa pagdinig sa angkop na proseso (kabilang ang pagdinig na may kaugnayan sa mga pamamaraan ng pandisilina) o apela, gaya ng inilarawan sa ilalim ng pangalawang pamagat na **Apela ng** mga desisyon; Ang walang kinikilingan na pagsusuri ay may karapatan na:

1. Maging kinakatawan ng tagapayo;
2. Ginagabagayan at pinapayuhan ng mga taong may espesyal na kaalaman o pagsasanay tungkol sa mga problema ng mga batang may kapansanan;
3. Magpakita ng ebidensya at harapan, suriing mabuti, at kailanganin ang pagdalo ng mga saksi;
4. Ipagbawal ang pagpapakilala ng anumang ebidensiya sa pagdinig na hindi pa nabubunyag sa kabilang partido nang hindi bababa sa limang araw ng negosyo bago ang pagdinig;
5. Kumuha ng nakasulat, o, sa iyong pagpipilian, elektronikong rekord ng eksaktong salita sa pagdinig; **at**
6. Kumuha ng nakasulat, o, sa iyong pagpipilian, mga elektronikong natuklasan na katotohanan at mga desisyon.

Karagdagang pagsisiwalat ng impormasyon

Hindi bababa sa limang araw ng negosyo bago ang pagdinig sa angkop na proseso, dapat ibunyag sa iyo at ang distrito ng paaralan ang lahat ng mga pagsusuri na nakumpleto sa petsang iyon at mga rekomendasyon batay sa mga pagsusuring iyon na nilalayon mo o ng distrito ng paaralan na gamitin sa pagdinig. Maaaring pigilan ng opisyal ng pagdinig ang sinumang partido na nabigong sumunod sa iniaatas na ipakilala ang nauugnay na pagsusuri o rekomendasyon sa pagdinig nang walang

pahintulot ng kabilang partido.

Mga karapatan ng magulang sa mga pagdinig

Dapat kang bigyan ng karapatan na:

1. Iharap ang iyong anak;
2. Buksan ang pagdinig sa publiko; **at**
3. Magkaroon ng rekord ng pagdinig, ang mga natuklasan na katotohanan at mga desisyon na ibinigay sa iyo nang walang bayad.

MGA DESISYON SA PAGDINIG

Desisyon ng opisyal ng pagdinig

Ang desisyon ng opisyal ng pagdinig sa kung ang iyong anak ay nakatanggap ng free appropriate public education (FAPE) (libreng naaangkop na pampublikong edukasyon) ay dapat na nakabatay sa matibay na batayan. Sa mga usapin na nagpapatang ng paglabag sa pamamaraan, maaaring makita ng opisyal ng pagdinig na ang iyong anak ay hindi nakatanggap ng FAPE maliban kung ang mga kakulangan sa pamamaraan ay:

1. Nanghihimasok sa karapatan ng iyong anak sa free appropriate public education (FAPE) (libreng naaangkop na pampublikong edukasyon);
2. Lubos na nakagambala sa iyong pagkakataong lumahok sa proseso ng paggawa ng desisyon tungkol sa pagbibigay ng free appropriate public education (FAPE) (libreng naaangkop na pampublikong edukasyon) sa iyong anak; **o**
3. Nagdulot ng pagkakait ng benepisyong pang-edukasyon.

Wala sa mga probisyon na inilarawan sa itaas ang maaaring bigyang-kahulugan upang pigilan ang opisyal ng pagdinig na mag-atas sa distrito ng paaralan na sumunod sa mga kinakailangan sa seksyon ng mga pananggalang sa pamamaraan ng mga Pederal na regulasyon sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA (34 CFR §§300.500 hanggang 300.536).

Wala sa mga probisyon sa ilalim ng mga pamagat na: **PAGSASAMPA NG REKLAMO SA ANGKOP NA PROSESO; REKLAMO SA ANGKOP NA PROSESO; MGA MODELONG PORM; PROSESO NG RESOLUSYON; WALANG KINIKILINGAN NA PAGDINIG SA ANGKOP NA PROSESO; MGA KARAPATAN SA PAGDINIG; at**

Ang **MGA DESISYON SA PAGDINIG** (34 CFR §§300.507 hanggang 300.513) ay maaaring makaapekto sa iyong karapatan na maghain ng apela sa desisyon ng pagdinig sa angkop na proseso sa Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada.

Hiwalay na kahilingan sa pagdinig sa angkop na proseso

Wala sa seksyong mga pananggalang sa pamamaraan ng mga regulasyong Pederal sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA (34 CFR §§300.500 hanggang 300.536) ang maaaring bigyang-kahulugan upang pigilan ka sa paghahain ng hiwalay na reklamo sa angkop na proseso sa isyu na hiwalay sa naihain nang reklamo sa angkop na proseso.

Mga natuklasan at desisyon sa panel ng pagpapayo at pangkalahatang publiko

Pagkatapos tanggalin ng Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada ang anumang impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan, ay dapat na:

1. Ibigay ang mga natuklasan at desisyon ng pagdinig sa angkop na proseso o apela sa panel ng pagpapayo sa espesyal na edukasyon ng Estado; **at**
2. Gawing makikita sa publiko ang mga natuklasan at desisyong iyon.

MGA APELA

PANGHULI NA DESISYON; Apela; WALANG KINIKILINGAN PAGESUSURI

Panghuli na desisyon sa pagdinig

Ang desisyon na ginawa sa pagdinig sa angkop na proseso (kabilang ang pagdinig na may kaugnayan sa mga pamamaraan

ng pandisiplina) ay huli na, maliban na ang sinumang partido na kasangkot sa pagdinig (ikaw o ang distrito ng paaralan) ay maaaring mag-apela sa desisyon sa Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada.

Apela sa mga desisyon; walang kinikilingan na pagsusuri

Kung ang partido (ikaw o ang distrito ng paaralan) ay naagrabado sa mga natuklasan at desisyon sa pagdinig, ang apela ay maaaring dalhin sa Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada. Maaaring iapela ng partido ang desisyon ng opisyal ng pagdinig sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap ang desisyon. Ang partido sa pagdinig ay maaaring maghain ng labag na apela sa loob ng 10 araw pagkatapos matanggap ng partido ang paunawa ng paunang apela.

Kung mayroong isang apela, ang Superintendent ng Nevada Department of Education ay magtatalaga ng isang opisyal ng pagsusuri ng estado na magsasagawa ng isang walang kinikilingan na pagsusuri sa mga natuklasan at desisyon na iniapela. Ang opisyal ng pagsusuri ng estado na nagsasagawa ng pagsusuri ay dapat na:

1. Suriin ang buong rekord ng pagdinig;
2. Tiyakin na ang mga pamamaraan sa pagdinig ay naayon sa mga kinakailangan ng angkop na proseso;
3. Humingi ng karagdagang ebidensya kung kinakailangan. Kung ang pagdinig ay gaganapin upang makatanggap ng karagdagang ebidensya, nalalapat ang mga karapatan sa pagdinig na inilarawan sa itaas sa ilalim ng pamagat na **MGA KARAPATAN SA PAGDINIG**;
4. Bigyan ang mga partido ng pagkakataon para sa pasalita o nakasulat na argumento, o pareho, sa pagpapasya ng opisyal ng pagsusuri;
5. Gumawa ng independiyenteng desisyon sa pagkumpleto ng pagsusuri; **at**
6. Bigyan ka at ang distrito ng paaralan ng kopya ng nakasulat, o, sa iyong pagpipilian, mga elektronikong natuklasan na katotohanan at mga desisyon.

Mga natuklasan at desisyon sa panel ng pagpapayo at pangalahatang publiko

Pagkatapos tanggalin ng Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada ang anumang impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan, ay dapat na:

1. Ibigay ang mga natuklasan at desisyon ng apela sa panel ng pagpapayo ng espesyal na edukasyon ng Estado; **at**
2. Gawing makikita sa publiko ang mga natuklasan at desisyong iyon.

Panghuli na desisyon sa pagsusuri

Ang desisyon na ginawa ng opisyal ng pagsusuri ng estado ay huli na maliban kung ikaw o ang distrito ng paaralan ay magdadala ng aksyong sibil, gaya ng inilarawan sa ibaba.

MGA TIMELINE AT KAGINHAWAHAN NG MGA PAGDINIG AT PAGESUSURI

Dapat tiyakin ng distrito ng paaralan na hindi lalampas sa 45 araw pagkatapos ng pagkawalang-bisa ng 30-araw sa mga pagpupulong ng resolusyon **o**, gaya ng inilarawan sa ilalim ng pangalawang pamagat na **Mga Pagsasaayos sa 30 araw na panahon ng resolusyon**, hindi lalampas sa 45 araw pagkatapos ng pagkawalang-bisa ng isinaayos na yugto ng panahon:

1. Ang huling desisyon ay aabot sa pagdinig; **at**
2. Ipapadala sa iyo at sa distrito ng paaralan ang kopya ng desisyon.

Dapat tiyakin ng Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada na hindi lalampas sa 30 araw pagkatapos matanggap ang kahilingan sa pagsusuri:

1. Ang huling desisyon ay aabot sa pagsusuri; **at**
2. Ipapadala sa iyo at sa distrito ng paaralan ang kopya ng desisyon.

Ang opisyal ng pagdinig o nagsusuri ay maaaring magbigay ng mga partikular na palugit na oras na lampas sa mga panahon na inilarawan sa itaas (45 araw sa para sa desisyon sa pagdinig at 30 araw sa para sa desisyon sa pagrepaso) kung ikaw o ang

distrito ng paaralan ay humiling para sa partikular na palugit sa timeline. Ang bawat pagdinig at pagsusuri na kinasasangkutan ng mga pasalitang argumento ay dapat isagawa sa makatwiran at maginhawang oras at lugar para sa iyo at sa iyong anak.

MGA AKSYON NG SIBIL, KASAMA ANG ORAS NG PANAHOON KUNG SAAN ISASAMPA ANG MGA AKSYON

Pangkalahatan

Ang sinumang partido (ikaw o ang distrito ng paaralan) na hindi sumasang-ayon sa mga natuklasan at desisyon sa antas ng pagsusuri ng Estado ay may karapatang magsampa ng aksyong sibil tungkol sa usapin na naging paksa ng pagdinig sa angkop na proseso (kabilang ang pagdinig na may kaugnayan sa mga pamamaraan ng pandisiplina). Ang aksyon ay maaaring dalhin sa hukuman ng Estado na may karampatang hurisdiksyon (hukuman ng Estado na may awtoridad na dinggin ang ganitong uri ng kaso) o sa hukuman ng distrito ng Estados Unidos nang walang pagsasaalang-alang sa halaga ng pinagtatalunan.

Limitasyon sa oras

Ang partido (ikaw o ang distrito ng paaralan) na nagdadala ng aksyon ay magkakaroon ng 90 araw mula sa pagtanggap ng desisyon ng opisyal ng pagsusuri ng Estado na maghahain ng aksyong sibil.

Mga karagdagang pamamaraan

Sa anumang aksyong sibil, ang hukuman ay:

1. Tumatanggap ng mga rekord ng mga kasong administratibo;
2. Dinidinig ang karagdagang ebidensya sa iyong kahilingan o sa kahilingan ng distrito ng paaralan; **at**
3. Ibinabatay ang desisyon nito sa nangingibabaw na ebidensya at nagbibigay ng kaluwagan na tinutukoy ng naaangkop na korte.

Ang hurisdiksyon ng mga korte ng distrito

Ang mga korte ng distrito ng Estados Unidos ay may awtoridad na magpasya sa mga aksyon na isinampa sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA nang walang pagsasaalang-alang sa halaga ng hindi pagkakaunawaan.

Tuntunin sa Pagbuo

Wala sa Bahagi B ng IDEA ang naghihigpit o naglilimita sa mga karapatan, pamamaraan, at mga remedyo na makukuha sa ilalim ng Konstitusyon ng U.S., ang Batas ng mga Amerikanong may Kapansanan ng 1990, Titulo V ng Batas sa Rehabilitasyon ng 1973 (Seksyon 504), o iba pang mga Pederal na batas na nagpoprotekta sa karapatan ng mga batang may kapansanan, maliban na bago magsampa ng aksyong sibil sa ilalim ng mga batas na ito na humihingi ng kaluwagan na makukuha rin sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA, ang mga pamamaraan ng angkop na proseso na inilarawan sa itaas ay dapat na makukuha sa parehong lawak na kinakailangan kung ang partido ay naghain ng aksyon sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA. Nangangahulugan ito na maaari kang magkaroon ng mga remedyo na magagamit sa ilalim ng iba pang mga batas na na pareho sa mga magagamit sa ilalim ng IDEA, ngunit sa pangkalahatan, upang makakuha ng kaluwagan sa ilalim ng iba pang mga batas na iyon, dapat mo munang gamitin ang mga magagamit na administratibong remedyo sa ilalim ng IDEA (ibig sabihin, reklamo sa angkop na proseso, pagpupulong ng resolusyon, at walang kinikilingan na mga pamamaraan sa pagdinig sa angkop na proseso) bago direktang pumunta sa korte.

ANG PAGKAKALAGAY NG BATA HABANG NAKABINBIN ANG REKLAMO SA ANGKOP NA PROSESO AT PAGDINIG

Maliban sa ibinigay sa ibaba sa ilalim ng pamagat na ***MGA PAMAMARAAN SA PAGDISIPLINA NG MGA BATA NA MAY KAPANSANAN***, kung naipadala na ang reklamo sa angkop na proseso ng sa kabilang partido, sa panahon ng proseso

ng resolusyon, at habang hinihintay ang desisyon ng anumang walang kinikilingan na pagdinig sa angkop na proseso o paglilitis sa korte, maliban kung ikaw at ang distrito ng paaralan ay magkasundo, ang iyong anak ay dapat manatili sa kanyang kasalukuyang pagkakatagay sa edukasyon. Kung ang reklamo sa angkop na proseso ay nagsasangkot ng aplikasyon para sa paunang pagpasok sa pampublikong paaralan, ang iyong anak, sa iyong pahintulot, ay dapat ilagay sa regular na programa ng pampublikong paaralan hanggang sa makumpleto ang lahat ng naturang paglilitis. Kung ang reklamo sa angkop na proseso ay nagsasangkot ng aplikasyon para sa mga paunang serbisyo sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA para sa bata na lumilipat mula sa ilalim ng Bahagi C ng IDEA patungo sa Bahagi B ng IDEA at hindi na karapat-dapat para sa mga serbisyo ng Bahagi C dahil ang tatlong taong gulang na ang bata, hindi kinakailangang ibigay ng distrito ng paaralan ang mga serbisyo ng Bahagi C na natatanggap ng bata. Kung ang bata ay napatunayang karapat-dapat sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA at pinahihintulutan mo ang bata na makatanggap ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, kung gayon, habang hinihintay ang resulta ng mga paglilitis, ang distrito ng paaralan ay dapat magbigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyonang iyon na hindi pinagtatalunan (yaong ikaw at ang distrito ng paaralan ay parehong nagkasundo).

MGA BAYAD SA ABOGADO

Pangkalahatan

Sa anumang aksyon o paglilitis na dinala sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA, kung mananaig ka, ang hukuman, sa pagpapasya nito, ay maaaring magbigay ng makatwirang bayad sa mga abogado bilang bahagi ng mga nagastos sa iyo. Sa anumang aksyon o paglilitis na dinala sa ilalim ng Part B ng IDEA, ang hukuman, sa pagpapasya nito, ay maaaring magbigay ng makatwirang bayad sa mga abogado bilang bahagi ng mga nagastos sa nananaig na distrito ng paaralan, na babayaran ng iyong abogado, kung ang abogado ay: (a) nagsampa ng reklamo o kaso sa korte na napag-alaman ng korte na walang kabuluhan, hindi makatwiran, o walang saligan; o (b) nagpatuloy sa paglilitis matapos ang paglilitis ay malinaw na naging walang kabuluhan, hindi makatwiran, o walang batayan.

Sa anumang aksyon o paglilitis na dinala sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA, ang hukuman, sa pagpapasya nito, ay maaaring magbigay ng makatwirang bayad sa mga abogado bilang bahagi ng mga nagastos sa nananaig na distrito ng paaralan, na babayaran mo o ng iyong abogado, kung ang iyong kahilingan sa pagdinig sa angkop na proseso o mas huling kaso sa korte ay iniharap para sa anumang hindi tamang layunin, tulad ng panggugulo, upang magdulot ng hindi kinakailangang pagkaantala, o upang hindi kinakailangang taasan ang halaga ng aksyon o paglilitis.

Pagbibigay ng mga bayad

Ang hukuman ay nagbibigay ng makatwirang bayad sa mga abogado gaya ng sumusunod:

1. Ang mga bayarin ay dapat na nakabatay sa mga halaga na nananaig sa komunidad kung saan lumitaw ang aksyon o pagdinig sa uri at kalidad ng mga ibinigay na serbisyo. Walang bonus o tagapagparami ang maaaring gamitin sa pagkalkula ng mga ibinigay na bayad.
2. Ang mga bayarin ay hindi maaaring ibigay at ang mga kaugnay na gastos ay hindi maaaring ibalik sa anumang aksyon o paglilitis sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA pagkatapos na mga ginawang serbisyo na nakasulat na alok ng pag-areglo sa iyo kung:
 - a. Ang alok ay ginawa sa loob ng oras na itinakda ng Tuntunin 68 ng Mga Pederal na mga Tuntunin ng Pamamaraang Sibil o, sa kaso ng pagdinig sa angkop na proseso o pagsusuri sa antas ng Estado, sa anumang oras higit sa 10 araw bago magsimula ang paglilitis;
 - b. Ang alok ay hindi tinanggap sa loob ng 10 araw; at
 - c. Napag-alaman ng korte o opisyal ng administratibong pagdinig na ang huling kaluwagan na nakuha mo ay hindi mas pabor sa iyo kaysa sa alok ng pag-areglo.
3. Sa kabila ng mga paghihigpit na ito, ang pagbibigay ng mga bayad sa abogado at mga kaugnay na gastos ay maaaring gawin sa iyo kung nananaig ka at ikaw ay lubos namakatwiran sa pagtanggap sa alok ng pag-areglo.
4. Ang mga bayad ay hindi maaaring ibigay na may kaugnayan sa anumang pagpupulong ng komite ng individualized educational program (IEP) (pang-indibidwal na programang pang-edukasyon) maliban kung ang pagpupulong ay gaganapin bilang resulta ng administratibong paglilitis o aksyon ng hukuman. Ang mga bayad ay hindi rin maaaring ibigay sa pamamagitan tulad ng inilarawan sa ilalim ng pamagat na ***PAMAMAGITAN***.

Ang pagpupulong ng resolusyon, gaya ng inilarawan sa ilalim ng pamagat na **Pagpupulong ng Resolusyon**, ay hindi itinuturing na pulong na ipinatawag bilang resulta ng administratibong pagdinig o aksyon ng hukuman, at hindi rin itinuturing na administratibong pagdinig o aksyon ng hukuman para sa mga layunin ng mga probisyon sa bayad sa abogado.

Binabawasan ng hukuman, kung naaangkop, ang halaga ng ibibigay na mga bayad sa abogado sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA, kung nalaman ng hukuman na:

1. Ikaw, o ang iyong abogado ay hindi makatwirang naantala ang huling resolusyon ng hindi pagkakaunawaan sa panahon ng pagkilos o paglilitis;
2. Ang halaga ng mga bayad sa abogado kung hindi man ay pinahintulutan ang hindi makatwiran na pagbigay ay lampas sa kabayaran sa bawat oras na nananaig sa komunidad para sa mga katulad na serbisyo ng mga abogado na may makatuwirang katulad na kasanayan, reputasyon, at karanasan;
3. Sobra ang inilaan na oras at mga legal na serbisyo kung isasaalang-alang ang uri ng aksyon o pagdinig; **o**
4. Ang abogadong kumakatawan sa iyo ay hindi nagbigay sa distrito ng paaralan ng naaangkop na impormasyon sa paunawa ng kahilingan sa angkop na proseso tulad ng inilarawan sa ilalim ng pamagat na **REKLAMO SA ANGKOP NA PROSESO**. Gayunpaman, hindi maaaring bawasan ng hukuman ang mga bayarin kung napag-alaman ng korte na hindi makatwirang naantala ng distrito ng paaralan ang huling resolusyon ng aksyon o paglilitis o nagkaroon ng paglabag sa ilalim ng mga probisyon ng proteksyon sa pamamaraan ng Bahagi B ng IDEA.

MGA PAMAMARAAN SA PAGDISIPLINA NG MGA BATA NA MAY KAPANSANAN

AWTORIDAD NG MGA TAUHAN NG PAARALAN

Pagpapasiya sa bawat kaso

Maaaring isaalang-alang ng mga tauhan ng paaralan ang anumang natatanging mga pangyayari sa bawat kaso, kapag tinutukoy kung ang babaguhin ang pagkakalagay, na ginawa alinsunod sa mga sumusunod na kinakailangan na may kaugnayan sa disiplina, ay angkop para sa batang may kapansanan na lumalabag sa code ng paaralan sa pag-uugali ng mag-aaral.

Pangkalahatan

Hanggang sa gagawa rin sila ng ganoong aksyon para sa mga batang walang kapansanan, maaaring tanggalin ng mga tauhan ng paaralan, sa loob ng hindi hihigit sa magkakasunod na **10 araw ng pasukan**, ang batang may kapansanan na lumalabag sa code ng pag-uugali ng mag-aaral mula sa kanyang o ang kanyang kasalukuyang pagkakalagay sa naaangkop na pansamantalang alternatibo na pagtatakda ng edukasyon (na dapat matukoy ng komite ng individualized educational program (IEP) ng bata), iba pang pagtatakda, o pagsususpende. Maaari ring magpataw ang mga tauhan ng paaralan ng karagdagang mga pagtanggap sa bata ng hindi hihigit sa magkakasunod na **10 araw** ng pag-aaral na sa parehong taon ng pag-aaral para sa magkakahiwalay na mga insidente ng maling pag-uugali, basta't ang mga pagtanggap na iyon ay hindi bumubuo ng pagbabago ng pagkakalagay (para sa kahulugan, tingnan ang **PAGBABAGO NG PAGKAKALAGAY DAHIL SA PAGTANGGAL NG PANDISIPLINA** sa ibaba). Kung ang batang may kapansanan ay tinanggal mula sa kanyang kasalukuyang pagkakalagay para sa kabuuang **10 araw ng pag-aaral** sa parehong taon ng pag-aaral, ang distrito ng paaralan ay dapat, sa anumang kasunod na mga araw ng pagtanggap sa taon na iyon ng pag-aaral, magbigay ng mga serbisyo sa kinakailangang lawak sa ibaba sa ilalim ng pangalawang pamagat na **Mga Serbisyo**.

Karagdagang awtoridad

Kung ang paggawi na lumalabag sa code ng pag-uugali ng mag-aaral ay hindi nakikita na kapansanan ng bata (tingnan ang **Pagpapasiya sa Nakikita**, sa ibaba) at ang pagbabago sa pandisiplina ng pagkakalagay ay lalampas sa magkakasunod na **10 araw ng pag-aaral**, maaaring ilapat ng mga tauhan ng paaralan ang mga pamamaraan sa pandisiplina sa batang iyon na may kapansanan sa parehong paraan at para sa parehong tagal gaya ng gagawin nito sa mga batang walang kapansanan, maliban na ang paaralan ay dapat magbigay ng mga serbisyo sa batang iyon tulad ng inilarawan sa ibaba sa ilalim ng **Mga**

Serbisyo. Tinutukoy ng komite ng IEP ng bata ang pansamantalang alternatibo na pagtatakda ng edukasyon para sa mga naturang serbisyo.

Mga Serbisyo

Ang mga serbisyong dapat ibigay sa batang may kapansanan na tinggal sa kasalukuyang pagkakalagay ng bata ay maaaring ibigay sa pansamantalang alternatibo na pagtatakda ng edukasyon. Ang kinakailangan lamang sa distrito ng paaralan ay magbigay ng mga serbisyo sa batang may kapansanan na tinanggal mula sa kanyang kasalukuyang pagkakalagay sa loob ng **10 araw ng pag-aaral o mas mababa** sa taon na iyon ng paaralan, kung nagbibigay ito ng mga serbisyo sa kagayang tinanggal na batang walang mga kapansanan. Ang batang may kapansanan na tinanggal mula sa kasalukuyang pagkakalagay sa loob ng **higit sa 10 araw ng pag-aaral** ay dapat na:

1. Patuloy na makatanggap ng mga serbisyong pang-edukasyon, upang bigyang-daan ang bata na patuloy na makilahok sa pangkalahatang kurikulum ng edukasyon, bagama't nasa ibang pagtatakda, at umunlad patungo sa pagtupad sa mga layuning itinakda sa IEP ng bata; **at**
2. Tumanggap, kung naaangkop, na dinesyo na pagsusuri sa nakikitang paggawi, at mga serbisyo at pagbabago sa paggawi, upang tugunan ang paglabag sa paggawi upang hindi na ito mangyari muli.

Matapos matanggal ang batang may kapansanan mula sa kanyang kasalukuyang pagkakalagay sa **10 araw ng pag-aaral** sa parehong taon ng paaralan, at **kung** ang kasalukuyang pagtanggap sa magkakasunod na **10 araw ng pag-aaral** o mas kaunti **at** kung ang pagtanggap ay hindi pagbabago ng pagkakalagay (tingnan ang kahulugan sa ibaba), **kaya ang** tauhan ng paaralan, sa pagsangguni sa hindi bababa sa isa sa mga guro ng bata , tukuyin kung hanggang saan ang mga serbisyong kailangan para makapagpatuloy ang bata na makilahok sa pangkalahatang kurikulum ng edukasyon, bagama't nasa ibang pagtatakda, at umunlad tungo sa pagtupad sa mga layuning itinakda sa IEP ng bata. Kung ang pagtanggap ay pagbabago ng pagkakalagay (tingnan ang kahulugan sa ibaba), tinutukoy ng komite ng IEP ng bata ang mga naaangkop na serbisyo upang bigyang-daan ang bata na magpatuloy na makilahok sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon, bagama't nasa ibang pagtataka, at umunlad patungo sa pagtugon sa mga layuning itinakda sa IEP ng bata.

Pagpapasiya sa Nakikita

Sa loob ng **10 araw ng pag-aaral** ng anumang desisyon na baguhin ang pagkakalagay ng batang may kapansanan dahil sa paglabag sa code ng pag-uugali ng mag-aaral (maliban sa pagtanggap na para sa magkakasunod na **10 araw ng pag-aaral** o mas kaunti at hindi pagbabago ng pagkakalagay), ang distrito ng paaralan, ang magulang, at mga kaugnay na miyembro ng komite ng IEP (tulad ng tinutukoy ng magulang at distrito ng paaralan) ay dapat suriin ang lahat ng nauugnay na impormasyon sa rekord ng mag-aaral, kabilang ang IEP ng bata, anumang obserbasyon ng guro, at anumang nauugnay na impormasyong ibinigay ng mga magulang upang matukoy ang:

1. Kung ang pinag-uusapan na pag-uugali ay sanhi ng, o nagkaroon ng direkta at malaking kaugnayan sa, kapansanan ng bata; **o**
2. Kung ang pinag-uusapan na pag-uugali ay direktang resulta ng kabiguan ng distrito ng paaralan na ipatupad ang IEP ng bata.

Kung ang distrito ng paaralan, ang magulang, at mga kaugnay na miyembro ng komite ng IEP ng bata ay nagpasiya na ang alinman sa mga kundisyong iyon ay natugunan, ang pag-uugali ay dapat na matukoy na nakikita na kapansanan ng bata. Kung ang distrito ng paaralan, ang magulang, at ang mga kaugnay na miyembro ng komite ng IEP ng bata ay nagpasiya na ang pinag-uusapan na pag-uugali ay ang direktang resulta ng kabiguan ng distrito ng paaralan na ipatupad ang IEP, ang distrito ng paaralan ay dapat gumawa ng agarang aksyon upang malunasan ang mga pagkukulang na iyon.

Pagpapasiya na ang pag-uugali ay nakikita na kapansanan ng bata

Kung matutukoy ng distrito ng paaralan, ng magulang, at mga kaugnay na miyembro ng komite ng IEP na ang pag-uugali ay nakikita na kapansanan ng bata, ang komite ng IEP ay dapat na:

1. Magsagawa ng pagsusuri sa nakikitang paggawi, maliban kung ang distrito ng paaralan ay nagsagawa ng pagsusuri sa nakikitang paggawi bago nangyari ang pag-uugali na nagresulta sa pagbabago ng pagkakalagay, at nagpatupad ng plano ng interbensyon sa paggawi ng bata; **o**

2. Kung ang plano ng interbensyon sa pag-uugali ay nabuo na, suriin ang plano ng interbensyon sa pag-uugali, at baguhin ito, kung kinakailangan, upang matukoy ang pag-uugali.

Maliban sa inilarawan sa ibaba sa ilalim ng pangalawang pamagat **Espesyal na mga pangyayari**, dapat ibalik ng distrito ng paaralan ang bata sa lugar kung saan tianggal ang bata, maliban kung ang magulang at ang distrito ay sumang-ayon sa pagbabago ng pagkakalagay bilang bahagi ng pagbabago ng plano ng interbensyon sa pag-uugali.

Espesyal na mga pangyayari

Kung ang pag-uugali ay nakikita na kapansanan ng bata o hindi, maaaring tanggalin ng mga tauhan ng paaralan ang mag-aaral sa pansamantalang alternatibo na pagtatakda ng edukasyon (na tinutukoy ng komite ng IEP ng bata) hanggang sa 45 araw ng pag-aaral, kung ang bata ay:

1. Nagdadala ng armas (tingnan ang kahulugan sa ibaba) sa paaralan o may armas sa paaralan, sa lugar ng paaralan, o sa gawain ng paaralan sa ilalim ng hurisdiksyon ng distrito ng paaralan;
2. May alam o gumagamit ng mga ilegal na droga (tingnan ang kahulugan sa ibaba), o nagbebenta o nanghihingi ng pinagbentahan ng kontroladong substansiya (tingnan ang kahulugan sa ibaba), habang nasa paaralan, sa lugar ng paaralan, o sa gawain ng paaralan sa ilalim ng hurisdiksyon ng distrito ng paaralan; **o**
3. Nagdulot ng malubhang pinsala sa katawan (tingnan ang kahulugan sa ibaba) sa ibang tao habang nasa paaralan, sa lugar ng paaralan, o sa gawain ng paaralan sa ilalim ng hurisdiksyon ng distrito ng paaralan.

Mga kahulugan

Ang kontroladong substansiya ay nangangahulugang isang gamot o iba pang sangkap na natukoy sa ilalim ng mga iskedyul I, II, III, IV, o V sa seksyon 202(c) ng Batas sa Kontroladong Substansiya (21 U.S.C. 812 (c)). Ang *iligal na gamot* ay nangangahulugang kontroladong substansiya, ngunit hindi kasama ang kinokontrol na substansiya na legal na nagmamay-ari o ginagamit sa ilalim ng pangangasiwa ng lisensyadong propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan o na legal na nagmamay-ari o ginagamit sa ilalim ng anumang iba pang awtoridad sa ilalim ng Batas na iyon o sa ilalim ng anumang ibang probisyon ng Pederal na batas. Ang *Malubhang pinsala sa katawan* ay may kahulugang ibinigay sa terminong “malubhang pinsala sa katawan” sa ilalim ng talata (3) ng subseksiyon (h) ng seksyon 1365 ng pamagat 18, Code ng Estados Unidos. Ang *Armas* ay may kahulugang ibinigay sa terminong “mapanganib na armas” sa ilalim ng talata (2) ng unang subseksiyon (g) ng seksyon 930 ng pamagat 18, Code ng Estados Unidos.

Abiso

Sa petsa na gumawa ng desisyon tungkol sa pagbabago ng pagtanggap sa pagkakalagay ng bata dahil sa paglabag sa code ng pag-uugali ng mag-aaral, dapat ipaalam ng distrito ng paaralan sa mga magulang ang desisyong iyon, at bigyan ang mga magulang ng mga paunawa sa pananggalang sa pamamaraan (isang kopya ng dokumentong ito).

PAGBABAGO NG PAGKAKALAGAY DAHIL SA PAGTANGGAL NG PANDISIPLINA

Ang pagtanggap ng batang may kapansanan mula sa kasalukuyang pagkakalagay ng edukasyon ng bata ay **pagbabago ng pagkakalagay** kung:

1. Ang pagtanggap ay magkakasunod na higit sa 10 araw ng pag-aaral; o
2. Ang bata ay sumailalim sa serye ng mga pagtanggap na bumubuo ng padron dahil:
 - a. Ang serye ng mga pagtanggap ay may kabuuang mahigit 10 araw ng pag-aaral sa isang taon na pag-aaral;
 - b. Ang paggaawi ng bata ay halos kapareho ng paggawi sa mga nakaraang insidente na nagresulta sa serye ng mga pagtanggap; **at**
 - c. Mga karagdagang salik gaya ng haba ng bawat pagtanggap, ang kabuuang tagal ng panahon na inalis ang bata, at ang lapit ng mga pagtanggap sa bawat isa.

Kung ang padron ng mga pagtanggap ay bumubuo ng pagbabago ng pagkakalagay ay tinutukoy ng distrito ng paaralan sa bawat kaso at, kung hinarap, ay sasailalim sa pagsusuri sa pamamagitan ng angkop na proseso at mga paglilitis ng hudisyal.

PAGPAPASIYA NG PAGTATAKDA

Dapat tukuyin ng komite ng individualized educational program (IEP) (pang-indibidwal na programang pang-edukasyon) ang pansamantalang alternatibo na pagtatakda ng edukasyon para sa mga pagtanggap na **pagbabago ng pagkakalagay**, at mga pagtanggap sa ilalim ng mga pamagat na **Karagdagang awtoridad** at **Espesyal na mga pangyayari**, sa itaas.

Apela

Pangkalahatan

Ang magulang ng batang may kapansanan ay maaaring maghain ng reklamo sa angkop na proseso (tingnan sa itaas) upang humiling ng pagdinig sa angkop na proseso kung hindi siya sumasang-ayon sa:

1. Anumang desisyon tungkol sa pagkakalagay na ginawa sa ilalim ng mga probisyon ng disiplina; o
2. Ang pagpapasiya ng nakikita na inilarawan sa itaas.

Ang distrito ng paaralan ay maaaring maghain ng reklamo sa angkop na proseso (tingnan sa itaas) upang humiling ng pagdinig sa angkop na proseso kung naniniwala ito na ang pagpapanatili sa kasalukuyang pagkakalagay ng bata ay malaki ang posibilidad na magresulta sa pinsala sa bata o sa iba.

Awtoridad ng opisyal ng pagdinig

Ang opisyal ng pagdinig na nakakatugon sa mga kinakailangan na inilarawan sa ilalim ng pangalawang pamagat na **Walang kinikilingan na opisyal ng pagdinig** ay dapat magsagawa ng pagdinig sa angkop na proseso at gumawa ng desisyon. Ang opisyal ng pagdinig ay maaaring:

1. Ibalik ang batang may kapansanan sa lugar kung saan tinanggal ang bata kung matukoy ng opisyal ng pagdinig na ang pagtanggap ay paglabag sa mga kinakailangan na inilarawan sa ilalim ng pamagat na **AWTORIDAD NG MGA TAUHAN NG PAARALAN**, o ang paggawi ng bata ay nakikita na kapansanan ng bata; o
2. Mag-atas ng pagbabago ng pagkakalagay ng batang may kapansanan sa naaangkop na pansamantalang alternatibong pagtatakda ng edukasyon para sa hindi hihigit sa 45 araw ng pag-aaral kung ang opisyal ng pagdinig ay nagpasiya na ang pagpapanatili sa kasalukuyang pagkakalagay ng bata ay malaki ang posibilidad na magresulta sa pinsala sa bata o sa iba pa.

Ang mga pamamaraan ng pagdinig na ito ay maaaring ulitin, kung naniniwala ang distrito ng paaralan na ang pagbabalik sa bata sa orihinal na pagkakalagay ay malaki ang posibilidad na magresulta sa pinsala sa bata o sa iba. Sa tuwing ang magulang o distrito ng paaralan ay magsasampa ng reklamo sa angkop na proseso upang humiling ng naturang pagdinig, dapat na isagawa ang pagdinig na tumutugon sa mga kinakailangan na inilarawan sa ilalim ng mga pamagat na **REKLAMO SA ANGKOP NA PROSESO, MGA PAGDINIG NG REKLAMO SA ANGKOP NA PROSESO**, at **Apela sa mga desisyon; walang kinikilingan na pagsusuri**, maliban sa mga sumusunod:

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada o distrito ng paaralan ay dapat magsaayos ng pinabilis na pagdinig sa angkop na proseso, na dapat mangyari sa loob ng **20** araw ng pag-aaral mula sa petsa na hiniling ang pagdinig at dapat magresulta ang pagpapasiya sa loob ng 10 araw ng pag-aaral pagkatapos ng pagdinig .
2. Maliban kung ang mga magulang at ang distrito ng paaralan ay sumang-ayon sa sulat na iurong ang pagpupulong, o sumang-ayon na gumamit ng pamamagitan, ang pagpupulong ng resolusyon ay dapat maganap sa loob ng **pitong** araw pagkatapos matanggap ang paunawa ng reklamo sa angkop na proseso. Ang pagdinig ay maaaring magpatuloy maliban kung ang usapin ay nalutas sa kasiyahan ng parehong partido sa loob ng **15** araw ng pagkatapos matanggap ang reklamo sa angkop na proseso.
3. Ang Estado ay maaaring magtatag ng iba't-ibang mga tuntunin sa pamamaraan para sa pinabilis na mga pagdinig sa angkop na proseso kaysa sa itinatag nito para sa iba pang pagdinig sa angkop na proseso, ngunit maliban sa mga timeline, ang mga tuntuning iyon ay dapat na naaayon sa mga tuntunin sa dokumentong ito tungkol sa mga pagdinig sa angkop na proseso.

Maaaring iapela ng partido ang desisyon sa pinabilis na pagdinig sa angkop na proseso sa parehong paraan kung paano maaaring iapela ng partido ang mga desisyon sa iba pang mga pagdinig sa angkop na proseso (tingnan ang **MGA APELA**, sa

itaas).

PAGLALAGAY SA PANAHON NG MGA APELA

Kung, gaya ng inilarawan sa itaas, ang magulang o distrito ng paaralan ay nagsampa ng reklamo sa angkop na proseso na may kaugnayan sa mga usapin sa pandisiplina, ang bata ay dapat (maliban kung ang magulang at ang distrito ng paaralan ay magkasundo) manatili sa pansamantalang alternatibong pagtatakda ng edukasyon habang nakabinbin ang desisyon ng opisyal ng pagdinig, o hanggang sa matapos ang pagkawalang-bisa ng pagtanggap gaya ng nailarawan sa ilalim ng pamagat na **AWTORIDAD NG MGA TAUHAN NG PAARALAN**, alinman ang mauna.

MGA PROTEKSYON PARA SA MGA BATA NA HINDI PA KARAPAT DAPAT PARA SA ESPESYAL NA EDUKASYON AT MGA KAUGNAY NA SERBISYO

Pangkalahatan

Kung ang bata ay hindi natukoy na karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo at lumalabag sa code ng pag-uugali ng mag-aaral, ngunit ang distrito ng paaralan ay may kaalaman (tulad ng tinutukoy sa ibaba) bago nangyari ang paggawi na nagdulot ng aksyong pandisiplina, na ang bata ay may kapansanan, maaaring igiit ng bata ang alinman sa mga proteksyong inilarawan sa paunawang ito.

Batayan ng kaalaman para sa mga usaping pandisiplina

Dapat ituring na may kaalaman ang distrito ng paaralan na ang bata ay may kapansanan kung, bago nangyari ang paggawi na nagdulot ng aksyong pandisiplina:

1. Ang magulang ng bata ay nagpahayag ng alalahanin sa pamamagitan ng sulat na ang bata ay nangangailangan ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa mga tauhan ng superbisor o administratibo ng naaangkop na ahensyang pang-edukasyon, o isang guro ng bata;
2. Ang magulang ay humiling ng pagsusuri na nauugnay sa pagiging karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA; **o**
3. Ang guro ng bata, o ibang mga tauhan ng distrito ng paaralan ay nagpahayag ng mga partikular na alalahanin tungkol sa padron nang direktang ipinakita na paggawi ng bata sa direktor ng espesyal na edukasyon ng distrito ng paaralan o sa ibang mga tauhan ng superbisor ng distrito ng paaralan.

Hindi Kabilang

Ang distrito ng paaralan ay hindi maituturing na may ganoong kaalaman kung:

1. Hindi pinayagan ng magulang ng bata ang pagsusuri sa bata o tumanggi sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon; **o**
2. Ang bata ay nasuri at natukoy na walang kapansanan sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA.

Nalalapat na mga kondisyon kung walang batayan ng kaalaman

Kung bago magsagawa ng mga hakbang sa pandisiplina laban sa bata, ang distrito ng paaralan ay walang kaalaman na ang bata ay may kapansanan, gaya ng inilarawan sa itaas sa ilalim ng mga pangalawang pamagat na **Batayan ng kaalaman para sa mga usaping pandisiplina at Hindi Kabilang**, ang bata ay maaaring isailalim sa mga hakbang sa pandisiplina na inilalapat sa mga batang walang kapansanan na nakikibahagi sa mga katulad na paggawi. Gayunpaman, kung ang kahilingan ay ginawa para sa pagsusuri ng bata sa panahon kung saan ang bata ay sumasailalim sa mga hakbang sa pandisiplina, ang pagsusuri ay dapat na isagawa sa pinabilis na paraan. Hanggang sa makumpleto ang pagsusuri, mananatili ang bata sa pagkakalagay ng edukasyon na tinukoy ng mga awtoridad ng paaralan, na maaaring magsama ng pagsususpindi o pagpapataalik nang walang mga serbisyong pang-edukasyon. Kung ang bata ay natukoy na may kapansanan, isaalang-alang ang impormasyon mula sa pagsusuri na isinagawa ng distrito ng paaralan, at impormasyong ibinigay ng mga magulang, ang distrito ng paaralan ay dapat magbigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo alinsunod sa Bahagi B ng IDEA, kabilang ang mga kinakailangan sa pandisiplina na inilarawan sa itaas.

SANGGUNIAN AT AKSYON NG MGA TAGAPAGPATUPAD NG BATAS AT MGA AWTORIDAD

NG HUDISYAL

Ang Bahagi B ng IDEA ay hindi:

1. Babawalan ang ahensya na mag-ulat ng krimen na ginawa ng batang may kapansanan sa mga naaangkop na awtoridad; **o**
2. Pigilan ang nagpapatupad ng batas ng Estado at mga awtoridad ng hudisyal na gampanan ang kanilang mga responsibilidad patungkol sa aplikasyon ng batas ng Pederal at Estado sa mga krimeng ginawa ng batang may kapansanan.

Pagpapadala ng mga rekord

Kung ang distrito ng paaralan ay nag-uulat ng krimen na ginawa ng batang may kapansanan, ang distrito ng paaralan ay:

1. Dapat tiyakin na ang mga kopya ng espesyal na edukasyon at mga rekord ng pandisiplina ng bata ay ipinadala para sa pagsasaalang-alang ng mga awtoridad kung kanino iniuulat ng ahensya ang krimen; **at**
2. Maaaring magpadala ng mga kopya ng espesyal na edukasyon at mga rekord ng pandisiplina ng bata hanggang sa pinahihintulutan ng FERPA.

MGA KINAKAILANGAN PARA SA PANG-ISAHANG PAGKAKALAGAY NG MGA MAGULANG NG MGA BATA SA MGA PRIBADONG PAARALAN AT PAMPUBLIKONG GASTOS

Pangkalahatan

Ang Bahagi B ng IDEA ay hindi nangangailangan sa distrito ng paaralan na magbayad para sa halaga ng edukasyon, kabilang ang espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa iyong anak na may kapansanan sa pribadong paaralan o pasilidad kung ang distrito ng paaralan ay gumawa ng free appropriate public education (FAPE) (libreng naaangkop na pampublikong edukasyon) na maari sa iyong anak at pinili mong ilagay ang bata sa pribadong paaralan o pasilidad. Gayunpaman, ang distrito ng paaralan kung saan matatagpuan ang pribadong paaralan ay dapat isama ang iyong anak sa populasyon na ang mga pangangailangan ay tinutugunan sa ilalim ng mga probisyon ng Bahagi B tungkol sa mga bata na inilagay ng kanilang mga magulang sa pribadong paaralan sa ilalim ng 34 CFR §§300.131 hanggang 300.144.

Pagsasauli ng bayad ng pagkakalagay sa pribadong paaralan

Kung ang iyong anak ay dati nang nakatanggap ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa ilalim ng awtoridad ng distrito ng paaralan, at pinili mong ipatala ang iyong anak sa pribadong preschool, elementarya, o sekundaryang paaralan nang walang pahintulot o pagsanguni ng distrito ng paaralan, ang korte o maaaring hilingin ng opisyal ng pagdinig sa ahensya na ibalik sa iyo ang halaga ng pagpapatala na iyon kung nalaman ng korte o opisyal ng pagdinig na ang ahensya ay hindi gumawa ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE) na magagamit sa iyong anak sa napapanahong paraan bago ang pagpapatala na iyon at na angkop ang pribadong pagkakalagay. Maaaring makita ng opisyal ng pagdinig o hukuman na naaangkop ang iyong pagkakalagay, kahit na ang pagkakalagay ay hindi nakakatugon sa mga pamantayan ng Estado na nalalapat sa edukasyong ibinibigay ng Kagawaran ng Edukasyon ng Nevada at mga distrito ng paaralan.

Limitasyon sa pagsasauli ng bayad

Ang halaga ng pagsasauli ng bayad na inilarawan sa talata sa itaas ay maaaring bawasan o tanggihan:

1. Kung: (a) Sa pinakahuling pagpupulong ng individualized educational program (IEP) (pang-indibidwal na programang pang-edukasyon) na iyong dinaluhan bago ang pagtanggap ng iyong anak mula sa pampublikong paaralan, hindi mo ipinaalam sa komite ng IEP na tinatanggihan mo ang pagkakalagay na iminungkahi ng distrito ng paaralan upang magbigay ng FAPE sa iyong anak, kabilang ang pagsasabi ng iyong mga alalahanin at ang iyong layunin na ipatala ang iyong anak sa pribadong paaralan sa pampublikong gastos; o (b) Hindi bababa sa 10 araw ng negosyo (kabilang ang anumang pista opisyal na nagaganap sa isang araw ng negosyo) bago ang pagtanggap ng iyong anak mula sa pampublikong paaralan, hindi ka nagbigay ng nakasulat na paunawa sa distrito ng paaralan ng impormasyong iyon;

2. Kung, bago ang pagtanggap sa iyong anak mula sa pampublikong paaralan, ang distrito ng paaralan ay nagbigay ng paunang nakasulat na paunawa sa iyo, ng layunin nitong suriin ang iyong anak (kabilang ang pahayag ng layunin ng naaangkop at makatwirang pagsusuri), ngunit hindi mo pinahintulutan ang bata para sa pagsusuri; **o**
3. Natuklasan ng korte na ang iyong mga aksyon ay hindi makatwiran.

Gayunpaman, ang halaga ng pagsasauli ng bayad ay:

1. Hindi dapat bawasan o tanggihan dahil sa kabiguang magbigay ng paunawa kung: (a) Pinigilan ka ng paaralan na magbigay ng paunawa; (b) Hindi ka nakatanggap ng paunawa ng iyong responsibilidad na ibigay ang paunawa na inilarawan sa itaas; o (c) Ang pagsunod sa mga kinakailangan sa itaas ay malamang na magresulta sa pisikal na pinsala sa iyong anak; **at**
2. Maaaring, sa pagpapasya ng korte o opisyal ng pagdinig, ay hindi nabawasan o tinanggihan ang kabiguan ng magulang na magbigay ng kinakailangang paunawa kung: (a) Ang magulang ay hindi marunong bumasa at sumulat o hindi makasulat ng Ingles; o (b) Ang pagsunod sa iniaatas sa itaas ay malamang na magresulta sa malubhang emosyonal na pinsala sa bata.